

MENSAHE NG AREA PRESIDENCY

# SAGIPIN ANG NAWAWALA

LITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE

## Ang "Sagipin ang Nawawala" ay nakatala bilang isa sa apat na 2013 Philippines Area Goals. Isinasaad nito:



Ni Elder
Larry Echo Hawk
Area Presidency

*Bawat miyembro ay sasagipin ang isang o higit pang miyembro sa taong ito at ihahanda sila para makapasok sa templo.*


*Bawat ward council ay naghahanda at nagbibigay palagi ng 15 pangalan na tutulungan ng mga miyembro na maging aktibo para maturuan ng mga missionary.*

Espesyal sa akin ang kahulugan ng mithiing ito dahil sa isang pangyayari sa buhay ko. Gusto kong ikuwento ang tungkol sa pagsagip sa akin bilang halimbawa kung gaano kahalaga na gawin natin ang lahat upang maibalik sa kawan ang mga naliligaw ng landas .

Noong Enero 13, 2009, habang naglilingkod bilang law professor sa Brigham Young University, hiniling ng nahalal na Pangulong si Barack Obama na maglingkod ako bilang Assistant Secretary para sa Indian Affairs sa United States Department of the Interior. Bilang Assistant Secretary for Indian Affairs, responsibilidad kong maglaan ng iba't ibang uri ng mahahalagang serbisyo sa 566 na mga tribu na nasa Estados Unidos.

Balak kong maglingkod lamang sa unang taon ng pamumuno ng Pangulo at pagkatapos ay bumalik sa trabaho ko bilang propesor ng abugasiya sa J. Reuben Clark Law School. Gayunman, nagkaroon ng pagbabago noong Pebrero 3, 2012, nang tawagin akong maglingkod bilang General Authority ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sinang-ayunan ako bilang miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu sa Pangkalahatang Kumperensya noong Marso 31, 2012.






*Nabasa ko ang Aklat ni Mormon at nagkaroon ng patotoo na nagtulak sa akin na gawin ang mga bagay na hindi ko inakalang magagawa ko at nagdulot sa akin ng malaking kaligayahan.*

Lumipat lamang ako sa Salt Lake City, Utah mula sa Washington, D.C. noong Mayo ng 2012 dahil sinabi sa akin ng Mga Kapatid na tiyakin kong maayos ang transition sa aking pag-alis. Nang maglingkod na ako sa Headquarters ng Simbahan sa Salt Lake City, inasam kong makadalo sa miting ng lahat ng mga General Authority na nasa Salt Lake City na nagaganap sa Salt Lake Temple sa unang Huwebes ng bawat buwan.

Ang unang pagdalo ko sa sagradong miting na ito ay naganap noong Hunyo 7, 2012. Nakaupo ako sa likurang hanay at nang magsimula na ang miting ay nagulat ako nang marinig ko ang aking pangalan. Tinawag ako ni Pangulong Thomas S. Monson at pinalapit para magpatotoo. Tumayo ako sa aking kinauupuan, lumakad papunta sa harapan ng silid at tumayo sa tabi ng Unang Panguluhan, kasama ng Labindalawang Apostol na nakaupo sa harapan ko. Nagbigay ako ng maikli at taos-pusong patotoo. Bahagi sa sinabi ko ay bilang "convert" hindi ko inisip na tatayo ako sa isang espesyal na silid sa Salt Lake Temple at magpapatotoo sa gitna ng mga propeta at apostol ng Panginoon. At sinabi ko na "ang sandaling ito ay hindi sana nangyari kung hindi dahil sa dalawang missionary at isang priest quorum advisor." Ang dalawang missionary, sina Lee Pearson at Boyd Camphuysen, ang nagturo sa aking pamilya ng Ebanghelyo ni Jesucristo, at ang nagbinyag sa amin. Ang priest quorum advisor, si Richard Boren, ang kasangkapan ng Panginoon sa "pagsagip" sa akin tatlong taon matapos akong binyagan.

Pagkaraan ng dalawa't kalahating buwan, noong Agosto 25, 2012, pinamunuan ko ang una kong stake conference bilang General Authority sa St. George Utah North Stake. Pagkatapos ng Saturday Adult Session ng stake conference nakilala ko ang isang lalaki na lumapit sa akin para kausapin ako pagbaba ko ng pulpito. Ang lalaking iyon ay si Richard Matthews, ang Bishop ko noong 16 na taong gulang ako. Ang saya ng pagkikita namin at may sinabi siya sa akin na noon ko lang nalaman. Sinabi niya na mga dalawang taon makalipas ang aking binyag ay nag-alala ang Bishopric na walang naging pagbabago sa buhay ko at inisip nila na baka malihis ako. Ipinagdasal nila ako at nabigyan sila ng inspirasyon na tawagin si Richard Boren bilang priest quorum advisor para iligtas ako.

Habampanahon akong magpapasalamat kay Bishop Matthews at sa iba pang mga lider ng ward na nagpulong at nag-usap-usap, at nanalangin at kumilos ayon sa inspirasyong mula sa Banal na Espiritu, nang madama nila na hindi pa lubos ang aking pananalig at pagiging aktibo sa Simbahan. Nagpapasalamat ako lalo na kay Richard Boren, na masigasig na gumawa para iligtas ako. Nang hindi niya ako matulungan sa pamamagitan ng mga lesson na itinuro niya sa priest quorum kinaibigan niya ako sa isang natatanging paraan at inalam kung paano ako matutulungang magtagumpay sa buhay. Dahil sa kanya, sa edad na labimpito, nabasa ko ang Aklat ni Mormon at nagkaroon ng patotoo na nagtulak sa akin na gawin ang mga bagay na hindi ko inakalang magagawa ko at nagdulot sa akin ng malaking kaligayahan. Kami ng kasintahan ko ay nagpunta sa Salt Lake Temple noong Disyembre 20, 1968 at ibinuklod kami ni Spencer W. Kimball para sa panahong ito at sa kawalang-hanggan. Ang higit na mahalaga ay dumami pa ang mga bunga ng pagsisikap ng mga priesthood leader na ito sa sumunod na henerasyon. Kasunod ng aming kasal sa templo nabiyayaan kami ng anim na anak at 30 apo.

Mababasa natin sa Doktrina at mga Tipan, Bahagi 18, talata 10: "ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos." At sa mga talata 15 at 16 ay sinasabing: "At kung mangyayaring kayo ay gagawa nang buo ninyong panahon sa pangangaral ng pagsisisi sa mga taong ito, at magdala, kahit isang kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakang kasama niya



sa kaharian ng aking Ama! At ngayon, kung ang inyong kagalakan ay magiging malaki sa isang kaluluwa na inyong nadala sa akin sa kaharian ng aking Ama, anong laki ng inyong kagalakan kung makapagdadala kayo ng maraming kaluluwa sa akin!"

Sina Lee Pearson, Boyd Camphuysen at Richard Boren ay nagsipanaw na sa buhay na ito, ngunit alam kong nakadama sila ng malaking kagalakan sa kaalaman na naging mga kasangkapan sila sa mga kamay ng Panginoon sa pagliligtas hindi lamang sa isang kaluluwa, kundi sa maraming inapo ng kaluluwang iyon. Nabubuhay pa si Bishop Matthews para masaksihan sa mundong ito ang bunga ng kanyang pagsisikap na iligtas ang kaluluwa ng isang batang nabinyagan, ngunit naligaw ng landas.

Sa Mateo 13:3-8, itinuro ni Jesuscristo ang Talinghaga ng Manghahasik:

"Narito, ang manghahasik ay yumaon upang maghasik;

At sa paghahasik niya, ay nangahulog ang ilang binhi sa tabi ng daan, at dumating ang mga ibon at kinain nila:

At ang mga iba'y nangahulog sa mga batuhan, na doo'y walang sapat na lupa: at pagdaka'y sumibol, sapagka't hindi malalim ang lupa:

At pagsikat ng araw ay nangainitan; at dahil sa walang ugat, ay nangatuyo.

At ang mga iba'y nangahulog sa mga dawagan, at nagsilaki ang mga dawag, at ininis ang mga yaon:

At ang mga iba'y nangahulog sa mabuting lupa, at nangagbunga, ang ila'y tigisang daan, at ang ila'y tigaanim na pu, at ang ila'y tigtatatlongpu."

Itinuro ni Jesucristo na may ilang tatanggap ng Ebanghelyo at maaaring makatiis sandali, ngunit kapag dumating ang "paghihirap o pang-uusig" ay "nasasaktan ang kalooban" nila at nangawawala. Ang iba naman na tinanggap ang Ebanghelyo ay hinahayaang madaig sila ng mga alalahanin o yaman ng mundo. Nakatutuwa na may mga tumanggap ng Ebanghelyo na tunay na nauunawaan ito at natatamasa ang mabubuting "bunga" sa kanilang buhay.

Ang talinghaga ng manghahasik ay nangyayari sa Pilipinas. Ang Ipinanumbalik na Ebanghelyo ay tinanggap ng mahigit 650,000 tao sa Pilipinas. Gayunman, hindi lahat sila ay aktibo sa Simbahan ngayon. May pag-aalala na ang "Sumisibol na Salinlahi" ay maaaring maging mahina. Ano ang dapat nating gawin upang maibalik sila sa kawan? Ang sagot sa tanong na ito ay matatagpuan sa mga banal na kasulatan.

"Sapagka't ang Anak ng tao ay naparito upang iligtas ang nawala," (Mateo 18:11). Ang puso ng ating Tagapagligtas ay nakatuon sa pagsagip sa Kanyang nawawalang tupa. Ang puso ng Kanyang Propeta, si Pangulong Thomas S. Monson, ay nakatuon sa pagsagip sa di-gaanong aktibo at nalihis ng landas. Kung gayon, saan dapat nakatuon ang ating puso?

"At isa sa kanila, na tagapagtanggol ng kautusan, ay tinanong siya ng isang tanong, upang siya'y tuksuhin, [at sinabing], Guro, alin baga ang dakilang utos sa kautusan?

Sinabi [ni Jesus] sa kaniya, Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo.

Ito ang dakila at pangunang utos.

At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili." (Mateo 22:35-39)

Sa Moises 1:39 mababasa natin: "Sapagkat masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao." Kung totoong mahal natin ang ating Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, tungkulin nating gawin ang kanilang gawain. Kailangan nating hanapin ang mga nawala at naligaw, at ibalik sila. Kailangan nating "Sagipin ang Nawawala." ■



LITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE

*Ang Ipinanumbalik na Ebanghelyo ay tinanggap ng mahigit 650,000 tao sa Pilipinas. Gayunman, hindi lahat sila ay aktibo sa Simbahan ngayon. May pag-aalala na ang "Sumisibol na Salinlahi" ay maaaring maging mahina. Ano ang dapat nating gawin upang maibalik sila sa kawan?*

# Mga Tinig ng mga **LDS sa Pilipinas**

## Bishop: Aking Pastol

Ni Ma. Teresa C. Pangilinan

Ang pagpapanatiling aktibo ng mga bagong miyembro ay tuluy-tuloy na gawain sa pagbabaling ng kanilang mga puso sa Panginoon. Ang bishop ang nangunguna sa pagsisikap na ito kasama ang mga miyembro.

Paulit-ulit na itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) na ang mga bagong miyembro at mga miyembro na naliligaw ay nangangailangan ng ating tulong. Kailangan nila ng isang kaibigan, isang responsibilidad, at espirituwal na pangangalaga.

Si Randy Pangilinan, bagong tawag na bishop ng Cabiao Ward, Gapan Philippines Stake ay nagsabi na dapat palaging may pangangalaga ng ebanghelyo at pagmamahal sa mga kapwa miyembro.

"Mayroon kaming apat na bagong miyembero at sa karanasan ko sa mission, tinitiyak ng mga visiting at home teacher na ang mga miyembrong ito ay madalas nabibisita at may mga kaibigan sa ward na kanilang dinadaluhan. Binibigyan ko sila ng mga pagkakataon na makapaglingkod sa Simbahan—sila ay nasa ating pangangalaga," dagdag pa niya.

Ako mismo ay convert sa Simbahan. Ang damdamin na malugod kang tinatanggap ay mahalaga sa akin. Nang mabinyagan ako tinanggap ko na nahugasan na ang mga kasalanan ko at isinilang akong muli. Bilang bagong miyembro kailangan ko ng kaibigan at isa sa kanila ang aking branch president. Si Bishop Max Lappay ng Fairview Ward, Fairview Philippines Stake ay nagsabi na dapat kamayan ng mga miyembro ang mga bagong binyag para madama nilang tanggap sila.

Sinabi ni Franklin Babia, branch president sa Guagua Branch, Dinalupihan District na sa kanilang branch ay may limang bagong miyembro at bawat isa sa kanila ay may kaibigan. Nagtatakda siya ng regular na interbyu sa kanila. Nag-uukol sila ng panahon sa pagtuturo ng Ebanghelyo upang maisagawa ng mga bagong miyembrong ito ang sarili nilang kaligtasan.

"Inaanyayahan ko kayong maging malaking hukbo na masigasig sa gawaing ito at magkaroon ng malaking hangarin na tulungan ang mga missionary sa napakalaking responsibilidad nila na dalhin ang ebanghelyo sa bawat bansa, lahi, wika, at mga tao." (Gordon B. Hinckley, "Find the Lambs, Feed the Sheep," *Ensign*, Mayo 1999)

Narito tayo para sa iisang mithiin, "Sapagkat masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao." (Moises 1:39)

Hindi ito magagawang mag-isa ng bishop—dapat maging mga pastol din tayo. ■

## Paano Ako Makatutulong na Mapanatiling Aktibo ng mga Bagong Miyembro?

Ni Roxanne J. Montojo

Hangad ng bawat magulang sa Simbahan na makita ang kanilang mga anak na lumalakas sa pananampalataya at nagkakaroon ng matatag na kaugnayan sa Tagapagligtas. Ang hangarin ng bawat full-time missionary ay mahanap ang mga taong handang maturuan at sa huli'y magpapabinyag. Ang pag-unlad ng bagong miyembro sa Espiritu ay isang mithiin na pinagsisikapang makamtan ng bawat lider ng simbahan. Ang pasiyang ito ay nakikita sa determinasyon ng mga lider na isagawa ang mga hakbang na kailangan para mapanatiling aktibo ang mga bagong miyembro.


LITRATO PINAGKALOOB NG CHURCH MEDIA LIBRARY

Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Sa bawat convert ay may kaakibat na malaki at mabigat na responsibilidad." Sa aming branch sinusunod namin ang payo ni Pangulong Hinckley na kailangan ng mga bagong miyembro ang tatlong bagay: isang kaibigan, isang tungkulin at mapangalagaan ng mabuting salita ng Panginoon. Sa mga Priesthood Executive Committee Meeting (PEC) na idinaraos namin tuwing Linggo ay tinatalakay namin ang mga pangangailangan ng bawat bagong miyembro at tinitiyak namin na may nakaatas sa kanilang mga home at visiting teacher na handang sumagot sa kanilang mga tanong at unawain ang kanilang mga problema. Bilang branch president, inaanyayahan ko sila sa aking opisina at pinag-uusapan ang tungkol sa mga hamon na kinakaharap nila. Para sa akin ito ay pagkakataon upang personal na masuportahan at mapalakas ang kanilang mga patotoo at pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Karaniwan ay binibigyan ko sila ng simpleng gawain gaya ng pag-aayos ng mga upuan sa mga miting at aktibidad sa araw ng Linggo, paglalaba ng mga baptismal cloth at mga bagay na tulad nito. Tuwing Linggo, tinitiyak namin na dumadalo sila sa Gospel Essential Class. Hinihikayat ko rin ang mga bagong binyag na mga kabataan at young adult na mag-enroll sa Seminary at Institute program



ng Simbahan. Nagtatakda rin kami ng petsa sa kanilang mga tahanan para sa kanilang family home evening para patatagin ang aming ugnayan sa kanila at sa kanilang mga pamilya.

**Rodel N. Tabunan**
Branch president
Gingoog Philippines District

Ang mga bagong miyembro ay tulad ng mga bagong tanim na binhi na kailangang alagaan at pangalagaan. Karaniwan ay kailangan ng tiyaga at pagsisikap para mapangalagaan ang binhi bago ito magkaugat o bago umusbong ang unang dahon nito. Para umunlad sa ebanghelyo ang bagong miyembro at patuloy na maging aktibo sa Simbahan, karaniwan naming tinatalakay sa aming mga branch council meeting ang assignment ng mga home at visiting teacher at ang kahalagahan ng mga fellowshipper. Pinag-uusapan din namin sa aming mga miting at sa mga mensahe sa sacrament meeting ang responsibilidad ng bawat miyembro na maging isang kaibigan at taong mapagkakatiwalaan at na dapat silang magpakita ng pagmamahal sa mga bagong miyembro sa pamamagitan ng magiliw na ngiti at pakikisama. Sa gayon ay matutulungan namin sila na maging komportable sa lahat ng mga miting at aktibidad ng simbahan. At tinitiyak namin na nakakadalo sila sa lahat ng miting at mga klase sa Linggo para mapangalagaan sila sa ebanghelyo. Kinukumusta ko rin ang kanilang personal na panalangin at personal na pag-aaral ng banal na kasulatan sa mga interbyu ko sa kanila.


**Leonardo Natad**
Branch President
Tagum Philippines District

---

# Pagsisikap na **Tularan si Jesus**

## Ano ang nadama mo noong binyagan ka?

"Noong binyagan ako, ang tubig sa bautismuhan ay malamig pero maganda ang pakiramdam ko. Gusto kong maging missionary kapag 18 taong gulang na ako at ang binyag ko ay isang hakbang na tutulong sa akin na maghanda para dito."



**Joseph Russell L. D.**, 8 na taong gulang
Quezon City Philippines Stake

"Masaya ako noong binyagan ako dahil naging miyembro na ako ng Simbahan. Gusto kong malaman pa ang tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo at dahil nabinyagan na ako, alam kong marami pa akong matututuhan."



**Jerry Vic D.**, 9 na taong gulang
Quezon City Philippines Stake

"Nadamang kong parang may nabuksang pinto para sa akin at nadama kong katabi ko ang Ama sa Langit, si Jesucristo at ang Banal na Espiritu."



**Jennifer N.**, 9 na taong gulang
Legazpi Philippines Stake

"Nang binyagan ako, nadama kong mas komportable at ako masaya. Nadama ko ang pag-ibig ng Tagapaglistas. Nadama kong magkakaroon ako ng gabay sa araw-araw."



**Daniel Lorenz B. M.**, 11 taong gulang
Manila Philippines Stake

"Talagang napakaganda ang pakiramdam ko nang binyagan ako. Alam ko na iyon ay dahil sinasabi sa akin ng Espiritu na tama ang ginawa ko at masaya si Jesucristo dahil sumunod ako sa Kanyang halimbawa. Alam kong mahal ako ng Diyos at lagi Niya akong tutulungang pumili ng tama."

**Ethan Craig Guerra S.**, 8 taong gulang
San Pablo Philippines Stake



# Mga Bagong Feature sa FamilySearch

Ni Felvir D. Ordinario



LITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE

Sa nakaraang ilang buwan, ipinakilala ng FamilySearch sa website nito ang ilang bagong feature na lalong nakakaganyak sa mga user. Ang ginawang pagpapaganda ay naglaan ng karagdagang mga search result at pinahusay na record-keeping.

**Narito ang ilan sa mahahalagang feature:**

FamilySearch

**Bagong Logo**

Noong Marso, inilunsad ang bagong FamilySearch logo sa 2013 RootsTech Conference. Iminumungkahi ng mahalagang pagtatanghal na ito na ang logo ay kumakatawan sa pagbibigay-diin ng FamilySearch sa mga retrato at kuwento, at sa Family Tree feature ng website.

**Search Records feature sa ancestor pages sa Family Tree**

Noong Agosto, sinimulang itampok ng ancestor pages sa Family Tree ang "Search Record" link. Ito ay napakaganda at bagong paraan ng paghahanap ng mga historical record na maaaring hindi ninyo nahanap sa inyong pagsasaliksik noon. Para subukan ang bagong feature na ito, sundin ang sumusunod na mga hakbang:

1. Mag-Login sa FamilySearch.org, at magpunta sa Family Tree.
2. I-klik ang pangalan ng isang yumao na nasa tree, at i-klik ang Person para makapunta sa kanyang Person page.
3. I-klik ang bagong Search Records link. Hahanapin ng FamilySearch ang ating mga historical record gamit ang pangalan ng tao at ang unang mahalagang petsa.
4. Ang mga search result ay mabubuksan sa ibang browser window at ipapakita ang mga rekord na tugma sa taong iyon. I-klik ang isang rekord para makita ang mga detalye ng rekord o para makita ang kopya ng orihinal na rekord.
5. Ipapakita ang buong rekord. Para maidagdag ang rekord sa taong nasa Family Tree, i-klik ang Attach to Family Tree. Maaari mo ring i-klik ang Add to My Source Box para maidagdag ang rekord sa iyong source box.
6. Kung nai-klik mo ang Attach to Family Tree, isang box ang lilitaw na may pangalan ng taong nais mong pagdugtungan ng rekord. Kung hindi



LITRATO PINAGKALOOB NG FAMILYSEARCH.ORG

lilitaw ang box, i-klik ang History List para ipakita ang listahan ng mga taong tiningnan mo kamakailan sa Family Tree, o i-klik ang Search Family Tree para simulan ang paghahanap sa taong nais mong pagdugtungan ng rekord.

7. Kapag nag-klik ka sa History List, makikita mo ang listahan ng mga taong tiningnan mo sa Family Tree o ang mga taong inilagay mo sa family tree root. Maitatala ng History List ang huling 50 tao na inilagay mo sa family tree root o ang mga taong tiningnan mo ang personal na rekord. Kapag nahanap mo ang taong gusto mong idugtong sa rekord, i-klik ang Select.
8. I-verify na ito ang tamang tao. Ilagay ang dahilan kung bakit ang rekord ay valid para sa taong ito. Pagkatapos ay i-klik ang Attach.




LITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE

## Ipinapakita ang role ng tao sa mga search result

Mahahanap ng search ang pangalan ng tao, kahit ang pangalan na hinahanap ay ang pangunahing tao sa rekord. Ang pangalang in-enter o ipinasok mo sa iyong search ay maaaring matagpuan bilang ama, ina, asawa, o anak sa rekord sa halip na ang pangunahing tao.

Para tulungan ang mga user na malaman kaagad ang role ng taong tugma sa rekord, ipakikita ng FamilySearch ang role sa ibaba ng pangalan sa unang hanay. Kung ang tao ang pangunahin sa rekord, walang ipakikitang role. Sa mga census record, kung saan ang lahat ay pangunahin o primary, ang kaugnayan sa namumuno sa household ay ipapakita.



**Search Results from Historical Records**

1-20 of 349 results for Name: **Christian Schroth**

Number of results to show: 20 50 75

Export Results 1-20


| Name | Events | Relationships |
|---|---|---|
| Try adding more search terms to improve your search results. | | |
| Christian Schroth<br>Head<br>United States Census, 1930 | birth: 1866 Germany<br>residence: 1930 Buffalo (Districts 251-352), Erie, New York, United States<br>immigration: 1882 | spouse: Eva Schroth<br>children: Michael Schroth, Catherin |
| Christian Schroth<br>Head<br>United States Census, 1910 | birth: 1837 Germany<br>residence: 1910 St Louis Ward 7, St Louis (Independent City), Missouri, United States<br>immigration: 1864 | spouse: Louise G Schroth<br>other: Felix G Grassi |
| Christian Schroth<br>Head<br>United States Census, 1910 | birth: 1866 Germany<br>residence: 1910 Buffalo Ward 18, Erie, New York, United States<br>immigration: 1883 | spouse: Eva Schroth<br>children: Katharine Schroth, Michae Schroth Jr. |

### Inililimita ang paghahanap sa mga second-level jurisdiction


Sa search, maaari mong i-enter ang bansa, at pagkatapos ay linawin pa ang iyong search o paghahanap sa pagpili ng second-level jurisdiction ng bansa, tulad ng estado, probinsya, atbp.  Ibabalik lamang ng search ang mga resulta mula sa mga rekord na nagmula sa lokasyon na iyon o kung saan naganap ang mahalagang pangyayari.

### Mas maraming data kapag kinopya mo ang rekord ng mga detalye tungkol sa isang tao


LITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE




Kapag may nakita kang historical record na interesado kang kunin, maaari mong kopyahin ang mga detalye tungkol sa tao mula sa index papunta sa isang file sa pamamagitan ng pag-klik sa Copy symbol. Dati-rati, ito ang nagbibigay sa iyo ng mahalagang datos tungkol sa tao. Ngayon ay may makukuha ka ring citation, petsa ng pag-access, URL, at household/relationship information.




### Mga feature tungkol sa mga Retrato at mga Kuwento

Ang mga feature tungkol sa mga Retrato at mga Kuwento sa FamilySearch ay pinahusay rin. Ang mga pagpapahusay na ito ay kinabibilangan ng tools para sa sumusunod:

- Mas pinadali ang paghahanap ng kuwento o retrato sa Google search engine.
- Mga editing tag.
- Mas pinaganda ang retrato na nakadispley sa individual page.

Para sa karagdagang mga update sa kasalukuyang pagpapaganda ng FamilySearch website, bisitahin ang: https://familysearch.org/blog/